**Ano ang piyansa para sa mga migrante?**
Understanding Immigration Bonds – Filipino

**Ano ang piyansa para sa mga migrante?**
Ang piyansa ay pera na ibinabayad sa Department of Homeland Security ng Amerika na magsisilbing kasiguruhan na ikaw ay patuloy na dadalo sa mga susunod na paglilitis o pagdinig kapag ikaw ay pinalaya. Kasama na rin dito ang minsang pagpunta sa opisina ng Immigration and Customs Enforcement o ICE kung ikaw ay ipapatawag.

**Magkano ang piyansa?**
Sa batas, 1,500 na dolyar ang pinakamababa. Maaari itong itaas nang walang hangganan. Sa Minnesota, ang mga garantiya o piyansa ay naglalaro sa halagang 5,000 hanggang 15,000 na dolyar. Minsan maaaring mas mataaas pa dito ang itakda.

**Paano mag-apply para makapagpiyansa**
- Maaring mag apply sa ICE. Kung sila ay magtatakda ng piyansa, babayaran mo ito at ikaw at palalayain na. Kung hindi naman sila pumayag na magtakda o kung ang kanilang itinakda ay masyadong mataas, karapatan mo na manawagan ng pagdinig sa isang hukom o korte para sa mga migrante. Ang panawagang ito ay hindi magbibigay ng kasiguruhan na ang pag-apply mo ay mapapayagan. Kailangan mong kumbinsihin ang korte.
- Maaari ka ring manawagan sa hukom na bawasan o babaan ang unang itinakdang halaga na piyansa ng ICE. Importanteng alalahanin na nasa hukom pa rin ang huling desisyon. Maaari niyang bawasan ang halaga. Maaari niyang lalo pang taasan ang halaga. Maaari niyang hindi baguhin ang halaga. Maaari din niyang ihatol na ikaw ay patuloy na makulong at hindi payagang mag-piyansa.

**Kailangan ko ba ng abogado para matulungan ako?**
- May karapatan kang magkaroon ng abogado ngunit maaaring umusad ang paglilitis kahit wala kang abogado. Hindi ka bibigyan ng abogado ng korte. Kung gusto mong kumuha ng abogado, ikaw mismo ang dapat maghanap nito. Ang maaari lang gawin ng korte ay bigyan ka ng listahan ng mga pangalan ng mga abogadong libre ang serbisyo ngunit ikaw ang mismong tatawag o kokontak sa kanila para hilingin na kunin nila ang kaso mo. Kung kailangan mong tumawag, dapat libre itong ibigay sa iyo sa kulungan. Mayroon ding ilang mga abogado na nagpapabayad na wala ang mga pangalan sa listahan ibibigay sa iyo ng korte.
- Bagaman hindi kailangan ang abogado sa pag-usad ng kaso, mas madaling maipanalo ang kaso kapag ikaw ay may abogado. Mas mainam kung ikaw ay kononsulta muna sa isang abogado ukol sa inyong kaso.
- Kung hindi ka sigurado kung kailangan mo ng abogado, o kung wala kang mahanap na abogado, maaari kang humingi ng palugit o extension mula sa hukom. Bibigyan ka ng dagdag na oras ng hukom. Minsan, maaaring mag-desisyon ang hukom na mag-apply ka nalang ng panibagong piyansa kapag handa ka na. Tandaan na ang iyong kaso ay uusad

kahit na naghahanap ka pa ng abogado. Ang mga hukom ay hindi magbibigay ng mahabang palugit at hindi sila maghihintay nang matagal.

**Paano nag-dedesisyon ang hukom ukol sa iyong kahilingang makapag-piyansa?**
Tatlong bagay ang kailangan munang suriin o pagdesisyunan ng hukom:

- <u>Ikaw ba ay karapat-dapat?</u> Kung ikaw ay minsan nang nasintensiyahan dahil sa isang krimen katulad ng krimen na may kinalaman sa droga, maaaring hind imaging pabor sa iyo ang desisyon. Dagdag pa dito, kung ikaw ay agad ikinulong pagpasok pa lamang ng Amerika, o dati ka nang nai-deport, o kaya naman ay mayroon ka nang kautusan na i-deport, hindi rin magiging pabor sa iyo ang desisyon.
- <u>Ikaw ba ay maaaring magdala ng peligro sa publiko?</u> Susuriin ng hukom ang iyong mga tala kung ikaw ay gumawa ng krimen. Titignan ng hukom ang mga dokumento gaya ng pagka-aresto, pagkakaroon ng sintensiya, iba pang mga kaso, at mga report ng pulis. Kung sa pagtingin ng hukom, ikaw ay magdadala ng panganib sa publiko kung sakaling ikay ay palayain, hindi magiging pabor sa iyo ang desisyon.
- <u>Ikaw ba ay tatakas?</u> Titignan ng hukom kung ikaw ba ay may koneksyon sa iyong komunidad sa Amerika, karapat-dapat manatila sa Amerika, o laging dumadalo sa ibang mga paglilitis na dapat mong pinupuntahan. Itong mga salik na ito ay makakatulong na kumbinshin ang hukom na ikaw ay magpapakita at dadalo sa lahat ng mga pagdinig kung ikaw ay palalayain.

**Paano ko makukumbinsi ang hukom na payagan akong makapag-piyansa?**

- Sasabihin ng hukom sa iyo na nasa'yo ang obligasyon na patunayan na ikaw ay karapat-dapat. Kailangan mong kumbinsihin ang hukom na hindi ka tatakas kung sakaling ikaw ay palayain o na hindi ka magdudulot ng panganib sa komunidad. Tututol ang mga opisyales ng gobyerno ng Amerika. Susubukan nilang kumbinsihin ang hukom na ikaw ay hindi karapat-dapat na payagang makapag-piyansa.
- Kailangan mo ng mga kasulatan o dokumento. Hindi sasapat ang salita o kuwento mo lamang. Ilan sa mga ebidensiyang maaari mong ipakita ay birth certificate, green card ng iyong mga kamag-anak, patunay kung saan ka nakatira, sulat na nagsasaad ng suportya mula sa mga kamag-anak, pari o pastor, employer o mga kaibigan at katunayan na ikaw ay sumailalim sa rehabilitasyon, kung kinalingan iyon minsan. Maari kang humingi ng dokumento na magbibigay ng mas malalim na diskusyon ukol sa kung paano magpresenta ng angkop na ebidensiya.
- Lahat ng dokumento na ibibigay mo ay dapat nakasulat sa Ingles. Kung nasa Tagalog, Filipino, o Bisaya, o kung anong ibang lenggwahe man ang dokumento mo, kailangan isalin ito sa Ingles at ipasertipika na tama ang pagsalin.
- Mahirap mangalap ng mga dokumento habang ikaw ay nakakulong. Maaaring humingi ng tulong sa iyong abogado o sa iyong mga kamag-anak. Makakatulong ang abogado sa pagdedesisyon kung anu-anong dokumento ang pinakamainan ipresenta sa hukom. Maaari din silang tumulong sa pagsalin ng mga dokumentong hindi nakasulat sa Ingles.

**Paano kung masyadong mataas ang piyansa na itakda ng hukom?**

- Hindi mo kailangan bayaran ang tinakdang halaga kaagad. Hindi rin kailangan na ikaw mismo ang magbayad. Kahit na sino na legal na naninirahan sa Amerika ay pwedeng magbayad ng piyansa mo. Ngunit, hindi ka palalayain hanggang ang piyansa ay mabayaran nang buo.
    - PAALALA: Kung may namimilit sayo o sa mga kamag-anak at kaibigan mo na magtrabaho para sa kanila o ibigay o ipagamit ang kanilang katawan kapalit ng pagbabayad ng iyong piyansa, ipagbigay-alam ito sa abogado. Illegal ito.
- May isang grupo na tinatawag na Minnesota Freedom Fund na maaaring makatulong sayo na makapag-bayad. Humingi ng tulong sa iyong kamag-anak o kaibigan na magtanong o mag-request sa www.mnfreedomfund.org.

**Paano kung hindi pumayag ang hukom na ako ay magpiyansa o magbigay ng garantiya?**

- Mayroon ka lang isang pagkakataon para manawagan sa hukom. Kung hindi siya pumayag na ikaw ay mag-piyansa, mananatili kang nakakulong hanggang matapos ang kaso mo hinggil sa iyong deportasyon. Kung hindi magkakaroon ng malaking pagbabago sa iyong sitwasyon — halimbawa ma-abswelto sa mga unang kasong sinampa sayo o pagbasura dito, hindi ka magkakaroon ng panibagong pagkakataon na magkaroon ng pagdinig. Ito ang dahilan kung bakit kailangang handa ka sa iyong una at maaaring huling pagdinig.
- Maaari kang umapela sa desisyon ng hukom at iakyat ang iyong kaso sa mas mataas na korte at sa Board of Immigration Appeals para suriin muli. Sa pag-apela, walang kasiguruhan na magiging pabor sa iyo ang desisyon. Maaari nilang katigan ang korte. Maaari din nilang salungatin ang desisyon nito. Habang dinidinig ang iyong apela, mananatili ka sa kulungan.

**Makukuha ko ba ulit ang perang binayad ko para sa piyansa o garantiya?**

- Kung pupuntahan mo ang lahat ng iyong mga pagdinig at susundin ang lahat ng kautusan ng hukom o ng ICE, kasama na ang pagalis sa Amerika kung kailangan, ibabalik ang pera kapag natapos na ang kaso mo. Tandaan, kung ibang tao ang nagbayad ng piyansa para sayo, sa kanila ibabalik ang pera. Ngunit, maaaring magdesisyon ang ICE na hindi ibalik ang pera kung hindi ka pumunta sa lahat ng iyong pagdinig o hindi ka sumunod sa lahat ng mga kautusan

**PAALALA**

- Ang kaso ng pagdinig sa panawagan mong makapag-piyansa at ang kaso ukol sa deportasyon mo ay magkaiba. Kung gusto mo ng pagdinig para makapag-piyansa, kailangan mong hingin ito sa pamamagitan ng isang liham o sa pagkausap sa hukom kapag ikaw ay nasa korte na.
- Mayroon ka lamang isang pagkakataon para sa pagdinig ng iyong panawagan na makapag-piyansa. Kailangan handa ka at ang iyong mga dokumento.
- Hindi lahat ay pinagbibigyan ng hukom. Nakatakda sa batas kung sino ang mga bawal pagbigyan na makapag-piyansa. Ang hukom din ay maaaring hindi ka payagang mag-piyansa at magdesisyon na manatili ka sa kulungan.

- Ang kaso mo patungkol sa pagiging migrante ay hiwalay sa kasong kriminal na isinampa sayo, dating naisampa sayo, o maaaring isampa sayo. Iba-iba ang magiging korte nito. Iba rin ang mga hukom at mga abogado. Ang pagpayag ng hukom na makapagpiyansa ka sa isang kriminal na kaso ay hindi nangangahulugan na papayagan ka ng hukom na makapag-piyansa na rin ukol sa iyong immigrasyon. Kung magbabayad ka man ng piyansa para sa kasong kriminal na hinaharap mo, hindi ito mapupunta sa bayad ng piyansa para sa piyansa mo ukol sa immigrasyon.
- Hindi kailangan magkaroon ng abogado ngunit mas mataas ang tyansa na maipanalo mo ang iyong kaso kung may abogado ka.

Ang dokumentong ito ay sinulat ng The Advocates for Human Rights na nakabase sa Minneapolis, Minnesota. Hindi ito kahalili ng payong legal. © December 2021